

Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Umuusig ay Naging Mangangaral

Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: Janie Forest
Alastair Paterson
Ibinagay ni: Ruth Klassen
Isinalin ni: Dulia Penalber
Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2022 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento, kung hindi ninyo ipagbibili.



Ang Panginoon ay gumawa ng mga dakilang bagay sa mga taohan ng unang simbahan. Isang lalaki, ang pangalan ay si Felipe, abalang abala

sa pagsasabi sa mga tao ng masikip na siyodad tungkol kay Hesus. Ngunit dinala siya ng Panginoon doon sa ilang. Bakit?



Alam ng Panginoon na may isang naglalakbay sa ilang, isang namumuno sa kaharian ni Kandes na rayna ng Etiopia. Siya ay pauwi na at habang siya'y sumasakay sa karwahi, siya'y nagbasa ng Aklat.

3



Nang sumunod si Felipe sa Panginoon, pinatnubayan siya ng Diyos doon sa nagbabasa ng Salita ng Diyos na hindi naunawaan kung ano ang kanyang binasa. Inanyayahan niya si Felipe na sumama sa kanya.

4

"Ano ang ibig sabihin nito?" ang tanong ng namumuno kay Felipe. Habang ang karwahe ay humihinto sa tabi ng daan sa ilang, binuksan ni Felipe ang kanyang bibig at pasimula sa binasa ng namumuno sa Banal na Kasulatan, ay ipinangaral niya si Hesus.



5



Ang bating Aprikano ay naniwala kaagad ng mensahe sa Biblia, na si Kristo Hesus ay Anak nga ng Panginoong Diyos. Nang nakita ang maraming tubig sa batis, ay kanyang sinabi, "Ano ang nakahahadlang upang ako ay mabawtismohan?"

6

Noon sinabi ni Felipe, "Kung naniniwala ka ng lahat ng buong puso mo maaring mangyari." Sumagot ang bating, "Ako'y naniniwala na si Kristo Hesus ay Anak ng Panginoong Diyos." Lumusong silang dalawa patungo sa tubig at binawtismohan ni Felipe ang namumuno.



7

Nang magsiahon sila sa tubig, ay inagaw si Felipe ng Espiritu ng Panginoon, at hindi na siya nakita ng bating. Siya'y bumalik sa Etopia na natutuwa!



8

Ngunit ang ibang mga tao ay nagalit sa mga Kristianos. Si Esteban' isa sa mga kaibigan ni Felipe, ay pinatay ng mga taohan na ayaw makinig sa bagay na nauukol kay Hesus. Isang lalaki na nangangalang Saulo ng Tarsus ay tumulong sa pagpatay kay Esteban.



9

Si Saulo, na sumisilakbo pa ng mga pagbabanta at pagpatay ng mga alagad ng Panginoon ay naparoon sa dakilang saserdote at humingi ng mga sulat upang may karapatan siyang makasumpong ng mga lalake o babae na sumusonod sa kay Hesus ay kanyang hulihin at gaposin.



10



Ang pulibing Saulo ng Tarsus! Hindi niya alam na pagnasaktan ang mga taohan ng Diyos, ay kanyang sinaktan din ang Panginoong Hesus. Hininto ng Panginoon ang ginawa ni Saulo. Ngunit paano?

11

Hinuli si Saulo ng Panginoon! Habang si Saulo ay naparoon sa daan patungo ng bayan ng Damascus, ang Panginoon ay nagpakita ng dakilang maliwanag na ilaw na nanggagaling sa langit. Si Saulo ay nadapa sa lupa. Noon narinig niya ang Boses.



12



"Sino ba kayo, Panginoon?" Sumigaw si Saulo. "Ako'y si Hesus, na iyong inuosig." Nanginig at nagulat, si Saulo ay nagtanong, "Panginoon, ano ang ibig mong ipagawa sa akin?" At sinabi ng Panginoon sa kanya, "Tumayo ka at pumunta ka sa bayan, at sasabihin sa iyo kung ano ang gagawin mo."

13

Ang mga lalake na kasama ni Saulo ay nakarinig ng Boses,ngunit wala siyang nakitang kahit sino. Si Saulo ay tumayoat nagulat na siya ay bulag! Dinala siya sa Damascus.



14

Habang siya ay nasa bayan, si Saulo ay tatlong araw na bulag at hindi kumain at uminum. Marahil siya ay nanalangin sa Panginoong Hesus na nakatagpo sa kanya sa daan patungong Damascus.



15

Ang Panginoon ay may handang plano. Sa Damascus ay may isang alagad na nangangalang Ananias. Pinadala siya upang matulungan si Saulo. Natakut si Ananias. Ngunit siya ay sumunod sa utos ng Panginoon. Nang ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa ulo ni Saulo, ang kanyang paningin ay bumalikat si Saulo ay puno ng Banal na Espiritu Santo ng Diyos.



16



Binawtismohan si Saulo. Siya'y kumain. At nang natanggap niya ang pagkain, siya lumakas. Kailangan ni Saulo na magpalakas. May mahalagang gawain na naghintay sa kanya.

17

Kaagad agad nangaral si Saulo ng tungkol kay Kristo sa senagoga, na Siya ay talagang Anak ng Diyos. Iyong nakarinig ay nagulat, at nagsabi, "Hindi ba ito ay pumatay ng maraming Kristiano?" At ang iba ay nagsabuatan na patayin si Saulo.



18



Ang mga bagong kalaban ni Saulo ay nagbantay sa mga tarangkahan ng bayan upang mahuli at mapatay nila si Saulo kung siya ay lalabas sa bayan. Ngunit ang mga bagong kaibigan niya, ang mga Kristiano, ay kinuha siya sa gabi at ilinagay siya sa malaking buslo at binaba sa kabila ng pader.

19



At mula rito, ang Saulo na umuusig sa mga Kristiano ay nabuhay na na- ging tapat na alagad ng bagong amo, ang Panginoong Kristo Hesus.

20

Ang Umuusig ay Naging Mangangaral

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

Taga Gawa 8 at 9

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

21

Ang Wakas

58 60

22

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkol sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16

23